# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG DI-PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG HULYO 29, 2008 NA GINANAP SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

**DUMALO:**

**Kgg. Janet DL. Mercado - Pang.Punong Bayan/Tagapamatnugot**
**Kgg. Joselito T. Calderon- - Konsehal**
**Kgg. Sharon DL. Macabebe - "**
**Kgg. Arturo R. Valle - "**
**Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo- "**
**Kgg. Trece S. Cayton - "**
**Kgg. Anastacio V. Alcantara - "**
**Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra - "**
**Kgg. Glenviano G. Valera - "**
**Kgg. Chito J. Esguerra - Pangulo ng Liga ng mga Barangay**
**Kgg. Jean Antonnette M Bermillo-Pangulo.ng Liga ng Sanggunian Kabataan**

**DI-DUMALO:**

**Kgg. Arturo R. Valle - Konsehal**
**Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo - Konsehal (on leave)**
**Kgg. Anastacio V. Alcantara - Konsehal (on leave)**

-------------------------------------

Panukala nina: Kon. Joselito T. Calderon
Kon. Sharon DL. Macabebe
Kon. Arturo R. Valle
Kon. Reggie Lynn G. Mascardo
Kon. Trece S. Cayton
Kon. Anastacio V. Alcantara
Kon. Dianne Eliza G. Esguerra
Kon. Glenviano G. Valera
ABC Pres. Chito J. Esguerra
SK Pres. Jean Antonette M. Bermillo

---------------

**<u>KAPASYAHANG BILANG 91</u>**

**NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA ASAWA, MGA ANAK AT KAPATID NA NAULILA SA PAGYAO NI KGG. SILVINO "SERVING" STA. ANA DE LEON BILANG DATING KONSEHAL AT PANGALAWANG PUNONG BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

**SAPAGKAT,** siya ay naglingkod bilang konsehal mula Enero 1, 1972 hanggang Oktubre 3, 1979 at bilang Pangalawang Punong Bayan mula Enero 3, 1980 hanggang Marso 24, 1986;

**SAPAGKAT,** sa kanyang paglilingkod siya ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan na nakatulong ng malaki upang mapaganda at maging maayos ang pambayang serbisyo, partikular sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** sa maraming pagkakataon ay namalas sa kanya ang pagiging matulungin at mabuting halimbawa sa mga mamamayang may pagmamahal sa kaunlaran ng ating bayan;

**SAPAGKAT,** Enero 14, 1983 ay nilikha niya ang "Mabuhay! Rizal na kinikilalang "Awitin ng Lalawigan ng Rizal" dahil na rin sa maalab niyang pagmamahal sa bayan at lalawigan na kanyang sinilangan;

**SAPAGKAT,** matapos ang maraming taon ng paglilingkod bilang lehislatura ay ipinagpatuloy pa rin niya ang paglilingkod bilang lingkod ng pananampalatayang katoliko at lumikha ng maraming awiting na nauukol sa pananampalataya hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay;

**LUBUSAN PINAGPASYAHAN,** kagaya ng lubusang pagkakapasiya ang pagpapaabot ng taos pusong pakikiramay sa asawa, mga anak at kapatid na naulila sa pagyao ni Kgg. Silvino "Serving" Sta. Ana De Leon bilang dating Konsehal at Pangalawang Punong Bayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal;

**PINAGPASIYAHAN**, na ipadala ang sipi ng kapasiyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran;

**PINAGTIBAY NG LUBUSAN,** ngayon ika 29 ng Hulyo, 2008 dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay.

Lourdes P. Distor

**LOURDES P. DISTOR**
**Pansamantalang Kalihim**

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:**

**KGG. DIANNE ELIZA G. ESGUERRA**
**Konsehal/Pansamantalang Tagapamatnugot**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II**
Punong Bayan